



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 106 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO
19, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

WALA

KAPASYAHAN BLG. 556
Taong 2024


KAPASYAHANG NAG-IENDORO NG KAHILINGAN NI
KGG. LEO G. CUSI, SR., PUNONG BAYAN, SA KAGAWARAN
NG TURISMO PARA SA TULONG PINANSYAL NA
NAGKAKAHALAGANG PITUMPUNG MILYONG PISO
(P70,000,000.00) PARA SA COMPLETION/DEVELOPMENT
NG MANGROVE ECO TOURISM PARK SA SITIO
DALAHICAN, BARANGAY SAN JOSE, ROXAS, ORIENTAL
MINDORO

SAPAGKAT, ang pamahalaang lokal ng Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, sa pangunguna ni
Kgg. Leo G. Cusi, Sr., Punong Bayan, ay nagsusulong ng proyekto para sa
pagpapaunlad ng Mangrove Eco Tourism Park sa Sitio Dalahican, Barangay San
Jose;

SAPAGKAT, ang Mangrove Eco Tourism Park na ito ay naglalayong mapangalagaan ang
kalikasan, partikular na ang mga bakawan, at maging isang pangunahing atraksyon
pangturismo na magpapalakas sa lokal na ekonomiya;

SAPAGKAT, ang naturang proyekto ay nangangailangan ng karagdagang pondo para sa
pagpapatapos at kabuuang pagde-develop nito, na tinatayang nagkakahalaga ng
Pitumpung Milyong Piso (P70,000,000.00);

SAPAGKAT, ang proyekto ay inaasahang magdudulot ng positibong epekto sa ekonomiya ng
lokalidad at magpapalakas sa kampanya para sa pangangalaga sa kalikasan;


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro ay buong pusong sumusuporta at nag-iendorso sa kahilingan ni Kgg. Leo G. Cusi, Sr. sa Kagawaran ng Turismo para sa pagpapatapos at kabuuang pagde-develop ng Mangrove Eco Tourism Park sa Sitio Dalahican, Barangay San Jose na nagkakahalagang Pitumpung Milyong Piso (P70,000,000.00);


IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kagawaran ng Turismo, sa tanggapan ni Kgg. Leo G. Cusi, Sr., Punong Bayan at sa iba pang kinauukulang ahensya para sa kanilang kabatiran at nararapat na aksyon..

Pinagtibay: 19 Agosto 2024


PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPHILIS
Tagapangulo

injected 08/20/24




ELVEN JOY F. CUSI